\_\_\_\_\_ 1    2    3    4    5    6    7    8

\_\_\_\_\_ 1    2    3    4    5    6    7    8


\_\_\_\_\_ 1    2    3    4    5    6    7    8

\_\_\_\_\_ 1    2    3    4    5    6    7    8

\_\_\_\_\_ 1    2    3    4    5    6    7    8

\_\_\_\_\_ 1    2    3    4    5    6    7    8


Bakit kailangan pang mag-ebanghelyo? Kung nais ng mga tao na maligtas, maaari naman silang magpunta sa church.



Hindi. Iniutos ng Panginoon na tayo ay humayo at maghanap ng mga naliligaw. Ang isang masunuring church ay hindi kailanman humihinto sa pag-eebanghelyo sa mga tahanan at pampublikong lugar.

Una, iaalok ang aralin sa mga lider ng sambahan. Maaari mo silang tulungan upang maituro ang aralin sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Ang gawaing ito ay makatutulong na mapalago ang mga lider sa umpsa pa lamang.

Hayaan na ang mga lalaki. Mas madaling kausapin ang mga babae at mga bata tungkol sa relihiyon.



Kung unang nahikayat ang babae, mas mahirap nang mahikayat ang lalaki. Ang tahanan ay mahahati at ang church ay mananatiling mahina. Ang buong pamilya ay bumubuo ng isang malakas na church.

Gamitin ang larawan sa bawat pag-aaral upang makuha ang atensyon ng mga tao. Tanunin sila, "Ano sa tingin ninyo ang larawan na ito?"



### Deskripsyon ng mga Larawan sa Aralin:

1. Pumasok ang mga hayop sa arka ni Noah (Genesis 7:8).
2. Ang walang laman na libingan (Lucas 23:26-47).
3. Sinalubong ng ama ang kanyang alibughang anak na nagsisi at nagbalik (Lucas 15:11-31).
4. Binautismuhan ang isang taga – Etiopia (Gawa 8:26-40).
5. Nakalag ang mga tanikala ni Pablo (Gawa 16:25-34).

### Praktikal na Gawain

- Bago kayo mag-ebanghelyo, manalangin para sa gabay at kapangyarihan ng Banal na Espiritu, upang ang iyong mga kamag-anak, kaibigan, at ibang lider ng sambahan ay makakilala sa Panginoon.
- Bisitahin at mag-ebanghelyo sa mga lider ng sambahan. Magsimula sa mga sarili mong kamag-anak at kaibigan. Gamitin ang aralin na "Magandang Balita".
- Manalangin para sa mga maysakit kapag bumisita sa mga tahanan.
- Isama ang ibang miyembro ng kongregasyon para ipakita sa kanila kung paano mag-ebanghelyo.
- Kung wala pang resulta ang paggamit mo ng aralin na "Magandang Balita", sumubok ng ibang pamamaraan ng pag-eebanghelyo.
- Isulat ang pag-usad ng mga nag-aaral gamit ang sumusunod na Register:

- Nabuhay siya muli sa ikatlong araw upang bigyan tayo ng isang dalisay at buhay na walang hanggan kasama siya.
  - Dapat tayong magsisi at manampalataya sa Panginoon upang matanggap ang pagpapatawid na ito at ang buhay na walang hanggan.
5. Kapag naunawaan na ng mga tao ang kahalagahan ng kamatayan at muling pagkabuhay ng Panginoon, at handa na sila, dapat silang:
- Magsisi at magpabautismo sa pangalan ng Panginoong Jesus.
  - Mag-arat ng anim na buwan tungkol sa doktrina bago gawin ang iniutos ni Jesus.
6. Ang mga apostol ay humayo upang mag-ebanghelyo nang:
- Mag-isa.
  - Dalawahan.

Kapag tayo ay nag-ebanghelyo, dapat ay may kasama tayo. Sa ganitong paraan, masasanay natin sila upang mas mahusay silang makapagpatotoo.

6. Mga taong kumakain ng tinapay sa ilang (Juan 6:1-15).
7. Nahulog sa lawa ang mga baboy na sinapihan ng masasamang espiritu (Mateo 8:28-34).
8. Nabulag si Pablo noong papunta siya sa Damasco (Gawa 9:1-31).

### **Paano Gamitin ang mga Aralin na Ito**

Basahin at pag-aranan ang booklet kasama ang mga lider ng sambahan. Kung nais ng lider ng sambahan na basahin ang kwento sa kanyang pamilya, sanayin siya na sundin ang mga hakbang na inilalarawan sa sumusunod na talata.

Kung ang lider sa sambahan ay ayaw itong basahin, ikaw o sinuman ang magbasa ng kwento. Pagkatapos basahin ang kwento sa grupo, tanunin ang mga sumusunod na tanong:

**Ano ang nagustuhan mo sa kwentong ito mula sa Bibliya?**

Makinig na mabuti sa mga sagot nila sa unang tanong. Igalang ang sagot nila at pasalamatang bawat sumasagot. Pagkatapos na makinig na mabuti, maaari kang magbahagi nang maikli sa kung ano ang nagustuhan mo sa kwento. Pagkatapos ay tanunin ang susunod na tanong:

**Ano ang hindi mo nagustuhan sa kwento?**

Makinig nang mabuti sa mga nagbahagi ng hindi nila nagustuhan. Igalang ang sagot nila at pasalamatang bawat sumasagot. Pagkatapos na makinig nang mabuti, basahin muli ang kwento at tanunin ang susunod na tanong.

**Ano ang itinuturo tungkol sa mga tao ng kwentong ito?**

Pagkatapos na makinig sa bawat sagot, maaari kang magdagdag ng maikling sagot. Ngunit hindi mo dapat pangunahan ang pag-aaral sa sobrang pagsasalita. Pagkatapos ay tanunin ang susunod na katanungan:

**Ano ang itinuturo ng kwentong ito tungkol sa Diyos?**

Makinig nang mabuti sa bawat tugon. Igalang ang mga sagot at pasalamatang bawat taong sumasagot. Pagkatapos makinig sa lahat ng gustong sumagot, maaari mong sabihin ang iyong sariling sagot sa tanong.

Hilingin na isalaysay nila ang kwento sa sarili nilang pang-unawa, nang hindi ito binabasa. Sabihin sa kanila na, "Tutulungan namin kayo kung mayroon kayong nakalimutan." Makakatulong upang maalala nang husto ang kwento sa Bibliya kung isasalaysay ito. Sa ganitong paraan, maririnig ng lahat ang kwento nang tatlong beses. Tiyak na marami sa kanila ang makakapagsalaysay din ng kwento sa kanilang pamilya o mga kaibigan.

 *Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig, at ang pakikinig naman ay bunga ng pangangaral tungkol kay Cristo. (Roma 10:17)*


Basahin ang mga tanong na nakasulat sa aralin na "Magandang Balita" kasama ang lider sa sambahayan. Kung marunong magsulat ang lider sa sambahayan, maaari niyang isulat ang kanilang mga sagot sa nakalaang espasyo. Kung

## Buod na Pagsasanay

Markahan ang tamang sagot sa mga sumusunod na pahayag:

1. Upang makatanggap ng patnubay at kapangyarihan sa pag-eebanghelyo, dapat tayo ay:  
 Manalangin nang may malalim na pananampalataya.  
 Magtiwala sa iyong sariling kaalaman.
2. Kapag natanggap na natin ang gabay ng Diyos at kapangyarihan sa panalangin, mabuting magsimula sa pag-eebanghelyo sa:  
 Mga babae at bata dahil sila ang mas interesado.  
 Buong pamilya sa pamamagitan ng lider ng mga sambahayan.
3. Dapat tayong magsimula sa lider ng mga sambahayan. Sa huli ay sila ang magtuturo sa kanilang mga pamilya. Sa ganitong paraan, sama-sama silang magtitiwala kay Cristo. Ang mga church na binubuo ng mga pamilya ay:  
 Malakas.  
 Mahina.
4. Ang mga malalakas na church ay binubuo ng mga buong pamilya. Ang mga church na ito ay nagnanais na maibahagi ang mensahe ng kaligtasan sa lahat. Sa mga sumusunod na pahayag, markahan ang bumubuo sa mensahe na dapat nating ipahayag:  
 Ang Panginoong Jesus ay namatay upang mapatawid ng Diyos ang ating mga kasalanan.

Ngunit ang tunay na mananampalataya ay hindi iiwanan ang kanyang kaibigan. Patuloy siyang bibisita gaano man katagal para sa kanyang kaibigan na maging mananampalataya.



Sa kabilang banda, inutos ng Panginoong Jesus na magpatuloy kahit ang mga tao ay hindi tumutugon. (Mateo 10:14)

Sundin ang halimbawa ng apostol na si Pedro kapag ikaw ay nag-ebanghelyo. Basahin at pagbulay-bulayan ang Gawa kabanata 10.

- Markahan ang kahon na ito kapag nagawa mo na.

hindi siya marunong, maaaring ikaw ang magsulat sa mga patlang. Kung hindi tama ang mga sagot, pag-usapan muli ang pinag-aralan.

Tandaan ang memory verse kasama ng lider ng sambahan. Tanungin kung magagawa nila ang praktikal na gawain at hikayatin silang gawin ito.

Kung nahihiapan ang mga taong sagutin ang mga tanong, magtanong din ng iba.

Kung hindi sila marunong bumasa, maaari mong basahin sa kanila nang malakas ang kwento at isulat ang kanilang mga sagot sa tanong.

Maaari mo din namang tulungan ang lider ng sambahan upang maintindihan niya ang aralin, subalit hayaan mo siyang magturo sa kanyang sariling pamilya.

Sa susunod mong pagbisita, pag-usapan niyo kung paano nila isinabuhay ang nakaraang aralin at balikan din ninyo ang memory verse. Pagkatapos nito, dumako na sa susunod na aralin at tulungan sila na masagot ang mga tanong kagaya nang ginawa ninyo sa unang pag-aaral.

Hikayatin ang lider ng sambahan na ipaliwanag ang mga kwento sa Bibliya sa kanilang pamilya. Ipaalala na ito ay magiging pagpapala sa kanilang lahat.

Kung ang lider ng sambahan ang nagtuturo sa kanyang pamilya, mas magiging madali para sa kanilang lahat na sama-samang maniwala kay Jesus. Tulungan sila kung paano isasalaysay ang mga kwento sa Bibliya sa kanilang pamilya sa pamamagitan nang mahusay na pagtatanong.

## Isang halimbawa ng katanungan:

Sa tingin mo, bakit naglit ang Diyos sa mga tao?

Sobrang sama nila noong panahon ni Noe.



Idiin na mahal ng Diyos ang lahat ng tao. Hikayatin ang mag-aaral na anyayahan ang ibang mga kamag-anak at kaibigan sa susunod na pag-aaral. Kung nag-aalangan sila sa pag-anyaya, pwede mo silang samahan upang mapalakas ang kanilang kalooban.

kailangan din silang magdala ng mga kasama na matututo din sa kanila. Ang mga apostol ni Cristo ay humayo ng dala-dalawa. Gayahin natin sila.

Mas mabuti na hindi magsama ng maraming mature na mananampalataya sa pag-aaral, bukod sa ibang sinasanay mo. Ang mga di-mananampalataya ay maaaring mahiya. Hindi sila gaanong sasagot nang may pagtitiwala sa harap ng mga mature na mananampalataya.

Huwag tratuhin ang mga tao na parang nasa church sila. Hindi pa sila mga mananampalataya kaya makakaramdam sila ng pagkabalisa.

Kung ang lider ng sambahayan ay naunawaan na nang mabuti ang Magandang Balita at nagtitiwala kay Cristo bago tapusin ang lahat ng pag-aaral, sa ganoon, sila at ang mga miyembro ng kanilang pamilya na nananampalataya ay dapat na mabautismuhan. Huwag antalahin ang bautismo para matapos lang ang kanilang pag-aaral.

Kung ikaw ay naglilingkod sa isa sa mga samahan o grupo ng mga church, igalang ang kaparaaan nila sa pagtanggap ng mga bagong miyembro.

Kung ang lider ng sambahayan ay hindi nagpapakita ng interes o nais lang nilang makipagtalo, ihinto ang pagtuturo sa kanila. Mas mabuting gamitin ang iyong panahon sa paghahanap ng mga taong bukas sa Mabuting Balita.

Ama namin sa Langit, patawarin mo kami sa aming mga kasalanan...

Ama namin sa Langit, patawarin mo kami sa aming mga kasalanan...




Ngunit mayroon pang ibang aralin sa pag-eebanghelyo. Bakit hindi iyon ang gamitin sa halip na ang booklet na "Magandang Balita?"

Pwede din naman kung ang mga materyal na iyon ay kasing dali ng "Magandang Balita". Sa araling ito, ang mga bagong mananampalataya ay mas madaling makapagsalaysay ng parehong kwento sa Bibliya.

Sa iyong pagtatanong tungkol sa mga aralin, igalang ang opinyon ng iba. Makinig sa kanila. Maaari silang magkamali, huwag mong sabihin na "Mali ka!" Sa halip, pwedeng sabihin na, "O maaaring sabihin na..."

Hikayatin ang lider ng sambahanay na magbahagi tungkol sa kanilang pamilya kung mayroon silang mga pangarap, mga karamdaman, kinakatakutan at suliranin para sila ay maipanalangan.

Magsama ka ng ibang mananampalataya para maturuan mo sila kung papaano magbahagi ng ebanghelyo. Kapag nakita ka nilang nagtuturo madali ka nilang tularan. Hikayatin mo silang ituro ang ilang bahagi ng aralin at pagkatapos ay ipadala mo din sila sa ibang lugar upang magbahagi ng ebanghelyo, subalit



Tulungan mo ang mga lider ng sambahanay upang patibayin nila ang kanilang pananampalataya kay Cristo sa pamamagitan ng mga alituntunin na pwede nilang sundin araw-araw. Pwedeng ikaw ang magturo sa kanilang pamilya ng mga unang aralin upang makita ng mga lider kung papaano ito ginagawa. Sa huli, hikayatin mo ang mga lider ng sambahanay na sila na ang magturo ng mga susunod na aralin. Sa bawat pag-aaral bigyan ng diin ang kahalagahan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo para sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya. Ang kamatayan ni Cristo ang siyang paraan upang mapatawid ang ating mga kasalanan at ang muli niyang pagkabuhay ay magbibigay naman ng buhay na walang hanggan. Kay Cristo, tayo ay may bago at buhay na walang hanggan.

Sa Lucas 24:45-48, inilalarawan ng Panginoon ang mahahalagang bahagi ng Mabuting Balita:

- Mahalaga ang kamatayan ni Cristo para tayo at ang ating pamilya ay patawarin ng Diyos mula sa ating mga kasalanan.
- Mahalaga ang muling pagkabuhay ni Cristo mula sa mga patay upang bigyan tayo ng Diyos ng buhay na walang hanggan, kasama din dito ang dalisay at bagong buhay.
- Upang makamtan natin ang kapatawanan sa ating mga kasalanan at buhay na walang hanggan kailangan nating magsisi sa ating mga kasalanan at magtiwala kay Cristo.


Ano ang kahalagahan ng kamatayan ni Cristo para sa iyo at iyong pamilya?

Pinapatawid ng Diyos ang ating mga kasalanan.



At ang kahalagahan ng muli niyang pagkabuhay?

Binibigyan niya tayo ng dalisay at walang hanggang buhay.



Kapag ang mag-aaral at ang kanilang pamilya ay handa nang magtiwala kay Cristo, hilingin mo sa kanila na ulin ang isang simpleng panalangin na bibigkasin mo. Manalangin nang marahan upang magkaroon sila ng pagkakataon na ulin ang ito. Halimbawa: "Panginoong Jesus maraming salamat sa pagkamatay mo para sa akin," "Patawarin mo po ang aking mga kasalanan," "Pumasok ka sa aking buhay."

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.



Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007aTGL04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo

## Aralin 1



### Magsisi at Maniwala

Sa simula ng pangangaral sa Galilea,  *Nang ibinilanggo si Juan, nagpunta si Jesus sa Galilea at ipinangaral doon ang Magandang Balitang mula sa Diyos. Sinabi ninya, “Dumating na ang takdang panahon. Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo’t talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita!” (Marcos 1:14-15) Ano ang ibig sabihin ng “magsisi?” Ang ibig sabihin nito ay talikuran ang iyong mga kasalanan at bumalik sa Diyos.*

 Isang araw, ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan ay lumapit kay Jesus upang makinig. Nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan. Sabi nila, "Ang taong ito'y nakikisama at nakikisalo sa mga makasalanan." (Lucas 15:1-2)

 *Dahil dito, sinabi sa kanila ni Jesus ang talinhagang ito. “Kung ang sinuman sa inyo ay may isandaang tupa at mawalan ng isa, ano ang gagawin niya? Hindi ba’t iiwan niya ang siyamnapu’t siyam sa pastulan at hahanapin ang nawawala hanggang sa ito’y matagpuan? Kapag nakita na niya ang tupa ay masaya niya itong papasanin. Pagdating sa bahay, aanyayahan niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin sa kanila, ‘Makipagsaya kayo sa akin dahil nakita ko na ang tupa kong nawawala!’ Sinasabi ko sa inyo, magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang tumatalikod sa kasalanang kaysa siyamnapu’t siyam na matuwid na di nangangailangang magsisi.” (Lucas 15:3-7)*

 Sinabi pa ni Jesus, "May isang tao na may dalawang anak na lalaki. Sinabi sa kanya ng bunso, 'Ama, ibigay na po ninyo sa akin ang mamanahin ko.' At hinataga ng ama ang kanyang ari-arian. (Lucas 15:11-12)

Mga Talâ

iyong kinuha, aminin ang mga kasinungalingan na iyong sinabi, ituwid ang mga tsimis na iyong pinagkalat, at iba pa.

- Gamit ang larawan sa harapan, sabihin sa pamilya at kaibigan ang kuwento tungkol sa nawawalang tupa at sa nawawalang anak.

## **Natapos na Aralin at Praktikal na Gawain**

(Petsa) (Pirma ng Trainer)

 Pagkalipas ng ilang araw, ipinagbili ng bunso ang kanyang bahagi at nagpunta sa malayong lupain. Nilustay niya roon sa mga bisyo ang lahat niyang kayamanan. Nang maubos na ito, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupain iyong, kaya't siya'y nagsimulang maghirap. Namasukan siya sa isang tagaroon, at siya'y pinagtrabaho nito sa isang babuyan. Sa tindi ng kanyang gutom, at dahil sa wala namang nagbibigay sa kanya ng pagkain, halos kainin na niya ang mga pinagbalatan ng mga bungangkahoy na pinapakain sa mga baboy. (Lucas 15:13-16)

 *Ngunit napag-isip-isip niya ang kanyang ginawa at nasabi niya sa sarili, ‘Labis-labis ang pagkain ng mga alila ng aking ama, samantalang ako'y namamatay dito sa gutom! Babalik ako sa aking ama at sasabihin ko sa kanya, “Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo; ibilang na lamang ninyo akong isa sa inyong mga alila.”’ At siya'y nagpasyang umuwi sa kanila. ‘Malayo pa'y natanaw na siya ng kanyang ama, at dahil sa matinding awa ay patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinalikan. (Lucas 15:17-20)*

 Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alila, 'Dali! Kunin ninyo ang pinakamagandang damit at bihisan ninyo siya. Suotan ninyo siya ng singsing at ng sandalyas. Katayin ninyo ang pinatabang guya at tayo'y kumain at magdiwang. Sapagkat ang anak kong ito ay namatay na, ngunit siya ay nabuhay; nawala, ngnunit muling natagpuan.' At sila nga'y nagdiwang. (Lucas 15:22-24)

Ano ang nangyari sa nakababatang anak na lalaki noong siya ay lumayo sa kanyang ama?

Sagot: Ginastos niya ang lahat ng kanyang pera sa mga walang kwentang bagay at siya ay nagutom.

Ano ang ginawa ng nakababatang anak na lalaki para maipakita ang kanyang pagsisisi sa kanyang mga nagawa?

Sagot: Napag-isip-isip niya ang kanyang nagawa, bumalik siya sa kanyang ama at humingi siya ng tawad sa mali niyang nagawa.

Ano ang tugon ng kanyang ama?

Sagot: Tinanggap nya ang kanyang anak na may halik, binihisan ng pinakamamahaling damit, at nagdiwang.

Ano ang gagawin mo para maipakita mong nagsisi ka na at nagbalik-loob sa Diyos?

---

---

---

## Isaulo

 Sinabi niya, “Dumating na ang takdang panahon. Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo’t talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita!” (Marcos 1:15)

Nagsisi ka na ba sa iyong mga kasalanan at naniwala sa Magandang Balita?

## Praktikal na Gawain

- Alalahanin ang sinabi mo na iyong gagawin para maipakita na ikaw nga ay nagsisi na.
- Sirain ang bawat aklat, anting-anting, at mga bagay na nag-uugnay sa mahika o sa kulto. Sirain din ang bawat bagay na may kaugnayan sa ibang relihiyon. Hinihingi ng Panginoon ang iyong buong katapatan, kaya itakwil mo ang iyong nakaraang ugnayan sa lahat ng mga ito. Hingin mo sa Panginoon na palayain ka sa anumang masamang impluwensya mula sa mga bagay na ito.
- Ipakita mo ang iyong pagsisisi sa pamamagitan ng iyong mga gawa. Halimbawa: humingi ng patawid sa mga taong iyong nasaktan, tumulong sa mga taong nangangailangan, ibalik ang mga bagay na

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.




Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007bTGL04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo

## Aralin 2



**Magbautismo Ng Mga Bagong Mananampalataya**

 At dumating nga sa ilang si Juan na Tagapagbautismo na nangangaral, "Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at pabautismo kayo, upang kayo'y patawarin ng Diyos." Halos lahat ng taga-Judea at taga-Jerusalem ay pumunta kay Juan. Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan at sila'y binautismuhan niya sa ilog Jordan. Ang damit ni Juan ay yari sa balahibo ng kamelyo, at balat naman ng hayop ang kanyang sinturon. Ang kanya namang pagkain ay balang at pulot-pukyutan. Ito ang ipinapahayag niya sa mga tao, "Ang darating na kasunod ko ay higit na makapangyarihan kaysa sa akin. Ni hindi ako karapat-dapat yumukod at magkalas man lamang ng tali ng kanyang sandalyas. Binautismuhan ko kayo sa tubig, ngunit babautismuhan niya kayo sa Espiritu Santo." (Marcos 1:4-8)

Ang bautismo sa tubig (nakagawiang pagbabautismo) ay isang malawakang gawain ng paglilinis sa panahon ngayon. Kinakailangang linisin ng mga tao ang kanilang mga sarili bago pumasok sa loob ng templo ng Jerusalem. Binautismuhan ni Juan Bautista ang mga tao, kasama na dito si Jesus, sa ilog Jordan. Nagbautismo din si Jesus at ang kanyang mga disipulo ng mga bagong mananampalataya.

 Pagkatapos nito, si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nagpunta sa lupain ng Judea. Nanatili siya roon nang kaunting panahon na kasama nila at nagbautismo ng mga tao. (Juan 3:22)

Pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay, nag-utos si Jesus sa kanyang mga alagad:  Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos

## Praktikal na Gawain

- Manalangin sa Diyos na patatagin at gabayan ka sa iyong pang-araw-araw na buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.
- Ibahagi ang tatlong hakbang na iniutos ni apostol Pedro sa iyong mga kamag-anak. Anyayahan silang mananampalataya sa Diyos, magpabautismo, at tanggapin ang Banal na Espiritu.

### Natapos na Aralin at Praktikal na Gawain

---

(Petsa)

---

(Pirma ng Trainer)

Ang bautismo ay nagbibigay kasiguraduhan sa mga bagong mananampalataya na sila ay namatay sa kasalanan kasama ni Cristo at muling nabuhay, sa paningin ng Diyos.

 *Kung tayo'y namatay nang kasama ni Cristo, naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya. (Roma 6:8)*

### 3. Tanggapin ang Banal na Espiritu.

Hayaan nating maghari ang Diyos sa ating mga puso. Nangako si Pedro na pagkakalooban tayo ng Diyos ng Banal na Espiritu kung tayo ay magsisisi at maniniwala. Ang mga mananampalataya ay nabuhay muli sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu na nanahanan sa atin. Tatanggapin ng mga bagong mananampalataya ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya. (Juan 14:16-18; Galacia 3:1-6)

 *Yamang tinanggap na ninyo si Cristo Jesus bilang Panginoon, mamuhay kayo na may pakikipag-isa sa kanya. (Colosas 2:6)*

Kung tayo ay mamumuhay kaisa ni Jesus at sumusunod sa kanyang mga halimbawa, gagabayang tayo ng Banal na Espiritu.

*ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon." (Mateo 28:18-20)*

Sumunod ang mga disipulo sa utos ni Jesus na bautismuhan ang mga bagong mananampalataya.

Kinausap ni Pedro ang maraming tao sa Jerusalem, ang sabi,  "Kaya't dapat malaman ng buong Israel na itong si Jesus na ipinako ninyo sa krus ay siyang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo!" Nabagabag ang kanilang kalooban nang marinig ito, kaya't tinanong nila si Pedro at ang ibang mga apostol, "Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?" Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikuran ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo, sa bawat taong tatawagin ng ating Panginoong Diyos." Marami pang inilahad si Pedro upang patunayan ang kanyang sinabi, at nanawagan siya sa kanila, "Iligtas ninyo ang inyong mga sarili mula sa parusang sasapitin ng masamang lahing ito." Kaya't ang mga naniwala sa ipinangaral niya ay nagpabautismo, at nadagdagan ang mga alagad ng may tatlong libong katao nang araw na iyon. (Gawa 2:36-41)

Mayamaya, sa Cesarea,  *Nagsasalita pa si Pedro, nang bumabâ ang Espiritu Santo sa lahat ng mga nakikinig. Namangha ang mga mananampalatayang Judio na kasama ni Pedro sapagkat ibinigay din sa mga Hentil ang kaloob ng Espiritu Santo. Narinig nila ang mga ito na nagsasalita sa iba't ibang wika at nagpupuri sa Diyos. Kaya't sinabi ni Pedro, "Tulad natin, sila'y pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Sino ang makapaghbabawal na bautismuhan sila sa tubig?" At iniutos niyang bautismuhan sila sa pangalan ni Jesu-Cristo. Pagkatapos, hiniling nila kay Pedro na manatili pa roon nang ilang araw. (Gawa 10:44-48)*

Tinanong ng bantay sina Pablo at Silas, *Sila ay inilabas niya at sinabi, "Mga ginoo, ano po ang dapat kong gawin upang ako'y maligtas?" Sumagot naman sila, Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan." At ang salita ng Panginoon ay ipinahayag nila sa kanya at sa lahat ng nasa kanyang bahay. Nang oras ding iyon, hinugasan ng bantay ang kanilang mga sugat at siya'y nagpabautismo, pati ang buo niyang sambahayan.* (Gawa 16:30-33)

*Kaya't umalis siya roon at tumira sa bahay ni Ticio Justo, isang Hentil na may takot sa Diyos. Katabi ng sinagoga ang bahay nito. Si Crispo, na tagapamahala ng sinagoga, at ang kanyang sambahayan ay nanalig sa Panginoon. Marami pang mga taga-Corinto na nakinig kay Pablo ang sumampalataya at nagpabautismo.* (Gawa 18:7-8)

*Kaya't sinabi ni Pablo, "Binautismuhan ni Juan ang mga nagsisi at tumalikod sa kasalanan. Ipinangaral niya sa mga Israelita na sila'y sumampalataya kay Jesus, ang dumarating na kasunod niya." Nang marinig nila iyon, nagpabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus. (Gawa 19:4-5)*

*"Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos. Dadalangin ako sa Ama, upang kayo'y bigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman. Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat siya ay hindi nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo.* (Juan 14:15-17)

Ito ang ibig sabihin ni Juan Bautista noong sinabi nya na si Jesus ang magbautismo ng Banal na Espiritu. Inulit ang pagkakataong ito bago umakyat sa langit si Jesus. *Si Juan ay nagbautismo sa tubig, ngunit di na magtatagal at babautismuhan kayo sa Espiritu Santo." Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."* (Gawa 1:5,8)

Balikan natin kung ano ang sinabi ni Pedro na dapat nating gawin.

## 1. Bumalik sa Diyos.

Nananawagan si Pedro sa atin na magsisi. Ibig sabihin nito ay pagbabago. Tutulungan tayo ng Diyos para talikuran natin ang ating mga kasalanan para siya ay ating paglingkuran.

## 2. Magpabautismo.

Nanawagan sa atin si Pedro na magpabautismo tayo sa tubig. Sa Roma 6 itinuturo na ang bautismo ay nagpapatibay ng dalawang bagay. Una, tayo ay kaisa ni Cristo sa kanyang kamatayan; tayo ay namatay dahil sa kasalanan. Pangalawa, tayo ay kasamang nabuhay ni Cristo sa bago at banal na buhay.

*Hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan? (Roma 6:3)*

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.



Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007cTG04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo

## Aralin 3



**Ibigin Mo Ang Iyong Kapwa at Ang Iyong Kaaway**

 Isang dalubhasa sa Kautusan ang lumapit kay Jesus upang siya'y subukin. "Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" tanong niya. (Lucas 10:25)

 Sumagot si Jesus, "Ano ba ang nakasulat sa Kautusan? Ano ba ang nababasa mo roon?" (Lucas 10:26)

 Sumagot ang lalaki, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyo nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong lakas mo, at buong pag-iisip mo;" at 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.' (Lucas 10:27)

 Sabi ni Jesus, "Tama ang sagot mo. Gawin mo iyan at magkakamit ka ng buhay na walang hanggan." Upang huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, nagtanong pa ang lalaki, "Sino naman ang aking kapwa?" (Lucas 10:28-29)

 Sumagot si Jesus, "May isang taong naglalakbay mula sa Jerusalem papuntang Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, hinubaran, binugbog, at iniwang halos patay na. (Lucas 10:30)

 Nagkataong dumaan doon ang isang paring Judio. Nang makita ang taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglakad. Dumaan din ang isang Levita, ngunit nang makita niya ang taong binugbog, lumihis din ito at nagpatuloy sa kanyang paglakad. (Lucas 10:31-32)

 Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doon. Nakita niya ang biktima, siya'y naawa. Nilapitan niya ito, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat at binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan siya doon. (Lucas 10:33-34)

## Mga Talâ

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## Praktikal na Gawain

- Umpisahang gumawa ng bagay na nagpapakita ng iyong pag-ibig sa pamilya, sa kaibigan, o sa iyong kaaway. Gumawa ng praktikal na bagay na hindi mo pa nagawa noon.
- Gamit ang larawan, sabihin ang kwento ng isang Mabuting Samaritano sa iyong pamilya.

## Natapos na Aralin at Praktikal na Gawain

---

(Petsa) \_\_\_\_\_  
(Pirma ng Trainer)

¶ *Kinabukasan, binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang namamahala ng bahay-panuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at kung higit pa riyan ang iyong magagastos, babayaran kita pagbalik ko.” (Lucas 10:35)*

¶ *At nagtanong si Jesus, “Sa palagay mo, sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa ng taong hinarang ng mga tulisan?” (Lucas 10:36)*

¶ *“Ang taong tumulong sa kanya,” tugon ng dalubhasa sa kautusan. Kaya’t sinabi sa kanya ni Jesus, “Kung gayon, humayo ka at ganoon din nag gawin mo.” (Lucas 10:37)*

Ipinaliwanag ni apostol Pablo kung paanong ang pag-ibig ay tutupad sa lahat ng mga utos ng Diyos.

¶ *Ang mga utos gaya ng, “Huwag kang mangangalunya; huwag kang papatay; huwag kang magnanakaw; huwag mong pagnanasaang maangkin ang pag-aari ng iba;” at alinmang utos na tulad ng mga ito ay nauuwing lahat sa iisang utos, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.” Ang umiibig ay hindi gumagawa ng masama kaninuman, kaya’t ang pag-ibig ang katuparan ng Kautusan. (Roma 13:9-10)*

Sa pamamagitan ng mga salita at gawa, ibinigay ni Jesus at ng mga apostol ang kanilang pinakamataas na pagpapahalaga sa pag-ibig. Una ay pag-ibig para sa Diyos at para sa kapwa.

Gusto mo bang mahalin ang Diyos at ang iba katulad ng pagmamahal na sinabi ni Jesus?

---

Ang matapat na pag-ibig ay bunga ng Espiritu ng Diyos na nananahan sa ating puso. Tanging tagasunod lamang ni Cristo, na siyang pinananahanan ng Banal na Espiritu ang kayang magmahal sa kanyang kaaway at mga taong nanakit sa kanya at trinato siya nang masama. Ang Diyos lamang ang siyang makakatulong sa atin na magmahal ng may sakripisyo.

Si apostol Pablo ay nag-utos,  *Sa halip, maging mabait kayo at maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo. (Efeso 4:32)*

Ano ang plano mong gawin para maipakita ang iyong pagmamahal at pagpapatawad sa taong trinato ka ng masama? Mag-isip ka ng isang makatotohanang sitwasyon.

---

Ano ang iyong gagawin para maipakita ang pag-ibig mo sa iyong pamilya? Mag-isip ng praktikal na bagay.

---

Sinabi ni Jesus,  *"Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos. (Juan 14:15) Ang sino mang nagmamahal sa Panginoon ay laging nagsasabi ng totoo (hindi nagsisinungaling), nagtatrabajo ng tapat (hindi nagnanakaw), namumuhay ng dalisay (hindi nakikiapid), siya ay kuntento na sa kung ano ang ibinigay ng Diyos sa kanya (hindi nagnanasa), at iba pa. Ang pag-ibig ang siyang kabuuhan sa lahat ng iba pang mga kautusan. (Roma 13:9)*

Ano ang gagawin mo para maipahayag ang tunay na pag-ibig mo kay Jesu-Cristo? Mag-isip ng bagay na tiyak makapagbibigay kaluwalhatian sa kanya.

---

## Isaulo

 *Sumagot si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo. Ito ang pinakamahalagang utsos. Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. (Mateo 22:37-39)*

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.



Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007dtGL04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo

## Aralin 4



### Makibahagi sa Banal na Hapunan

Isang mahalagang parte ng pagsunod sa Panginoong Jesu-Cristo ay ang pagtupad sa kanyang mga kautusan, kasama ang kautusan sa pakikibahagi sa Banal na Hapunan (Juan 15:10).

Sinabi ni Jesus,  “Ako ang tunay na puno ng ubas at ang aking Ama ang tagapag-alaga. Inaalis niya ang bawat sangang hindi nagbubunga, at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang nagbubunga upang magbungga pa nang lalong sagana. Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo. Manatili kayo sa akin at mananatili din ako sa inyo. Hindi magbubunga ang sangang hindi nananatili sa puno. Gayundin naman, hindi kayo magbubunga kung hindi kayo mananatili sa akin. (Juan 15:1-4)

Sinabi ni Jesus,  “Ako nga ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin. Ang hindi nananatili sa akin, gaya ng sanga ay itinatapon at natutuyo. Ang ganoong mga sanga ay tinitipon, inihahagis sa apoy at nasusunog. Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang aking mga salita, hingin ninyo ang anumang nais ninyo at matutupad iyon para sa inyo. Napaparangalan ang aking Ama kung kayo'y masaganang nagbubunga at sa gayon kayo'y magiging mga alagad ko. (Juan 15:5-8)

Sumulat si apostol Pablo,  Sapagkat ito ang turo na tinanggap ko mula sa Panginoon at ibinigay ko naman sa inyo: noong gabing siya'y ipinagkanoulo, ang Panginoong Jesus ay dumampot ng tinapay, nagpasalamat at pinagpira-piraso iyon, at sinabi, “Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin.” Matapos maghapanan, dumampot din siya ng kopa at sinabi, “Ang kopang ito ang bagong tipan na pinagtibay ng aking dugo.

## Mga Talâ

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## Praktikal na Gawain

- Regular na makibahagi sa Banal na Hapunan sa inyong church. Panatilihin ang malalim na pakikipag-kaisa kay Cristo araw-araw.
- Sabihin sa pamilya at kaibigan ang paglalarawan sa puno ni Jesus.

## Natapos na Aralin at Praktikal na Gawain

---

(Petsa)

(Pirma ng Trainer)

*Tuwing iinumin ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-aalaala sa akin." Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa kopang ito, ipinapahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa kanyang muling pagparito. (1 Corinto 11:23-26)*

॥ *Kaya, ang sinumang kumakain ng tinapay at umiinom sa kopa ng Panginoon sa paraang di nararapat ay nagkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon. Kaya't dapat siyasatin ng tao ang kanyang sarili bago siya kumain ng tinapay at umiinom sa kopa. Sapagkat ang sinumang kumakain at umiinom nang hindi kinikilala ang kahalagahan ng katawan ng Panginoon ay kumakain at umiinom ng kahatulan laban sa kanyang sarili. (1 Corinto 11:27-29)*

Ano ang sinisimbolo ng tinapay sa Banal na Hapunan?

---

Ano ang sinisimbolo ng kopa sa Banal na Hapunan?

---

Ayon sa nabasa mo sa Kasulatan, ano ang dapat mong gawin para maging karapat-dapat bago makibahagi sa tinapay at sa kopa?

---

---

Ang Banal na Hapunan ay tumutukoy sa pakikipagkaisa natin kay Cristo (1 Corinto 10:16-17). Pinapanatili natin ang pakikipagkaisang ito habang tayo ay lumalakad na may pagsunod sa kanyang mga kautusan.

Sinabi ni Cristo na siya ang Puno at tayo na mga mananampalataya ang mga sanga. Ayon sa kanya, ano ang dapat nating gawin para tayo ay mamunga?

---

Ano ang mangyayari kung hindi tayo manatili sa kanya?

---

Ang bunga na nakikita sa atin ay resulta ng ating pagsunod na may pagmamahal sa mga kautusan ni Jesus.

Balikan natin ang pitong utos na ibinigay ng Panginoong Jesu-Cristo sa kanyang mga alagad:

1. Talikuran ang kasalanan, maniwala, at tanggapin ang Banal na Espiritu (Marcos 1:15; Juan 20:22).
2. Magbautismo ng mga bagong mananampalataya (Mateo 28:19).
3. Mahalin ang Diyos at ang kapwa (Mateo 22:37-39).

4. Makibahagi sa Banal na Hapunan (Lucas 22:19-20).
5. Manalangin (Mateo 6:9-13).
6. Magbigay (Lucas 6:38).
7. Magdisipulo (Mateo 28:19).

Alin sa mga kautusan ang pinakamahalaga? \_\_\_\_\_

Sinabi ni Jesus,  “Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos. (Juan 14:15)

## Isaulo

 Dumampot din siya ng tinapay, at matapos magpasalamat sa Diyos ay kanyang pinaghati-hati iyon at ibinigay sa kanila. Sabi niya, “Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin.” (Lucas 22:19)

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.



Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007eTGL04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo

## Aralin 5



**Manalangin at Magbulay-bulay sa Salita Ng Diyo Araw-Araw**

 Isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-aswa. (Lucas 18:1)

 Sinabi niya, "Sa isang lungsod ay may isang hukom na walang takot sa Diyos at walang iginagalang na tao. Sa lungsod ding iyon ay may isang biyuda. Lagi siyang pumupunta sa hukom at sinasabi, 'Bigyan po ninyo ako ng katarungan sa aking usapin.' Tinanggihan siya ng hukom sa loob ng mahabang panahon, ngunit nang magtagal ay sinabi ng hukom sa sarili, 'Kahit ako'y walang takot sa Diyos at walang iginagalang na tao, ibibigay ko na ang katarungang hinihingi ng biyudang ito, sapagkat lagi niya akong ginagambala at baka mainis pa ako sa kapupunta niya rito.'" (Lucas 18:2-5)

 At nagpatuloy ang Panginoon, "Pakinggan ninyo ang sabi ng masamang hukom na iyon. Ngayon, ipagkakait kaya ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na dumaraing sa kanya araw-gabi? Sila kaya'y paghahintayin niya nang matagal? Sinasabi ko sa inyo, agad niyang ibibigay sa kanila ang katarungan. Ngunit sa pagbabalik ng Anak ng Tao, may daratnan pa kaya siyang mga taong may pananampalataya?" (Lucas 18:6-8)

 Sinabi rin niya ang talinhagang ito sa mga taong matuwid ang tingin sa sarili at hinahamak nman ang iba. "May dalawang lalaking pumasok sa Templo upang manalangin, ang isa ay Pariseo at ang isa ay maniningil ng buwis. Tumayo ang Pariseo at nanalangin nang ganito: 'O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat hindi ako katulad ng iba na mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya, o kaya'y katulad ng maniningil ng buwis na ito. Dalawang beses akong nag-aayuno sa loob ng isang linggo at nagbibigay rin ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.' (Lucas 18:9-12)

## Mga Talâ

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## Praktikal na Gawain

- Manalangin araw-araw at turuan ang iyong pamilya na gawin din ito.
- Ibahagi sa iyong pamilya at mga kaibigan ang talinghaga ng masigasig na biyuda, ang Pariseo, at ang maniningil ng buwis.

## Natapos na Aralin at Praktikal na Gawain

---

(Petsa)

(Pirma ng Trainer)

Samantala, ang maniningil ng buwis nama'y nakatayo sa malayo at di man lamang makatingin sa langit. Dinadagukan niya ang kanyang dibdib at sinasabi, 'O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!' Sinasabi ko sa inyo, ang lalaking ito'y umuwing matuwid sa harapan ng Diyos, at hindi ang Pariseo. Sapagkat ang sinumang nagmamataas ay ibababâ at ang nagpapakumbaba ay itataas." (Lucas 18:13-14)

Ang biyuda ay nagpatuloy sa pagmamakaawa sa hukom para siya ay tulungan. 1Tesalonica 5:17 ay nagturo sa atin para manalangin sa lahat ng oras. Sa Lord's Prayer, si Jesus ay nagturo sa atin na hingin natin ang ating tinapay araw-araw.

Magbibigay ka ba ng panahon sa Diyos para manalangin araw-araw? \_\_\_\_\_

Mananalangin ka ba sa Diyos kasama ang iyong pamilya araw-araw? \_\_\_\_\_

Ang Pariseo ay nanalangin na mayroong pagmataas, at walang pananampalataya. Ang maniningil ng buwis ay may pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos at nagmamakaawa na siya ay patawarin.

Markahan ang tamang sagot sa mga sumusunod na katanungan:

Paano tayo lalapit sa presensya ng Diyos sa panalangin? Paano tayo makalalapit sa Hari ng mga hari?

- Ipagpilitan ang ating mga pangangailangan tulad ng isang galit na toro.
- Mapagkumbaba tulad ng isang tupa nang may malalim na pananampalataya.

Sinabi ni Jesus na ibababa ng Diyos ang mapagmataas at itataas ng Diyos ang mapagpakumbaba.

Alin ang panalangin na pakikinggan ng Diyos?

- Ang pahayag ng Pariseo na may kayabangan.
- Ang mapagkumbabang panalangin ng isang makasalanan.

Nakikinig ang Diyos sa makasalanan na humihingi ng kapatawaran.

Ano ang dapat nating sabihin sa panalangin araw-araw?

- Pasalamatn Siya.
- Ipahayag ang ating mga kasalanan sa Diyos at pasalamatn Siya dahil pinatawid Niya tayo.
- Purihin at sambahin Siya sa pamamagitan nang malakas na pagpapahayag ng papuri o mga awitin.
- Humingi sa Kanya ng mga bagay na kailangan natin at humungi din tayo ng para sa iba.

Ang lahat ng ito ay mga aspeto sa panalangin.

 Dumating ang diyablo at sinabi sa kanya, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, gawin mo ngang tinapay ang mga batong ito." Ngunit sumagot si Jesus, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos.'" (Mateo 4:3-4)

Kung ang mga mananampalataya ay nagbubulay-bulay sa Salita ng Diyos, mas lalo nilang maiintindihan ang kalooban ng Diyos sa mga buhay nila. Umpisahan sa Bagong Tipan, magbasa ng bahagi nito araw-araw.

Maglalaan ka ba ng oras sa pagbabasa at pagbulay-bulay sa Salita ng Diyos araw-araw?

 *Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain.*

(2 Timoteo 3:16-17)

Magsaulo ng maraming Bible Scripture. Makatutulong ito sa iyo para makapagpatotoo sa iba tungkol kay Cristo. Sinabi ni haring David sa Awit,

 *"Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman."* (Awit 119:11)

## Isaulo

 *Ganito kayo mananalangin, 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan. Dumating nawa ang iyong kaharian. Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw; at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawid namin sa mga nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming hayaang matukso, kundi iligtas mo kami sa masama!'* (Mateo 6:9-13)

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.



Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007TTGL04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo

## Aralin 6



**Magbigay nang may Saya**

 Sinabi kay Jesus ng isa sa mga naroroon, “Guro, iutos nga po ninyo sa kapatid ko na paghatian namin ang aming mana.” (Lucas 12:13)

 Sumagot siya, “Sino ang naglagay sa akin bilang hukom o tagapaghati ng mana ninyo?” At sinabi niya sa kanilang lahat, “Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang kayamanan.” (Lucas 12:14-15)

 Pagkatapos, isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga. “Isang mayaman ang umani nang sagana sa kanyang bukirin. Kaya’t nasabi niya sa sarili, ‘Ano ang gagawin ko ngayon? Wala na akong paglawayan ng aking mga ani! Alam ko na! Ipagigiba ko ang aking mga kamalig at magpapatayo ako ng mas malalaki. Doon ko ilalagay ang aking ani at ibang ari-arian. Pagkatapos, ay sasabihin ko sa aking sarili, marami ka nang naipon para sa mahabang panahon. Kaya’t magpahinga ka na lamang, kumain, uminom, at magpakasaya!’ “Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos, ‘Hangal! Sa gabi ring ito’y babawian ka na ng buhay. Kanino ngayon mapupunta ang mga inilaan mo para sa iyong sarili?’ (Lucas 12:16-20)

 Ganyan ang sasapitin ng sinumang nag-iipon ng kayamanan para sa sarili, ngunit dukha naman sa paningin ng Diyos.” (Lucas 12:21)

 May isang pinuno ng bayan na nagtanong kay Jesus, “Mabuting guro, ano po ba ang dapat kong gawin upang makamtan ko ang buhay na walang hanggan?” (Lucas 18:18)

 Sumagot si Jesus, “Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Ang Diyos lamang ang mabuti! Alam mo ang mga utos, ‘Huwag kang mangangalunya; huwag kang papatay; huwag kang magnanakaw; huwag kang tatayong saksi para sa

## Mga Talâ

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## Praktikal na Gawain

- Magbigay ng mga handog, ikapu, tulong, oras, at mga pag-aari.

Gawin ito nang malugod at nang bukas-palad, at turuan ang iyong pamilya na gawin din ito. Magbigay para sa gawain sa lokal na church, sa mga gawain sa pagmimisyon, at sa mga nangangailangan.

- Ibahagi sa iyong pamilya at mga kaibigan ang talinghaga ng mayamang hangal at ang kwento ng pinuno, na nang dahil sa kanyang kayamanan, ay ayaw niyang sumunod kay Jesu-Cristo.

*kasinungalingan; at igalang mo ang iyong ama at ina.” Sinabi ng lalaki, “Ang lahat pong iyan ay tinupad ko na mula pa sa pagkabata.” (Lucas 18:19-21)*

¶ Pagkarinig nito ay sinabi ni Jesus, “Isang bagay pa ang kulang sa iyo. Ipagbili mo ang lahat ng iyong ari-arian at ipamahagi ang mga ang pinagbilhan sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos ay bumalik ka, at sumunod ka sa akin.” Nalungkot ang lalaki nang marinig iyon, sapagkat siya'y napakayaman. Nakita ni Jesus na nalulungkot ang lalaki kaya't sinabi niya, “Napakahirap para sa mga mayayaman ang makapasok sa kaharian ng Diyos! Mas madali pang makaraan sa butas ng karayom ang isang kamelyo kaysa makapasok sa kaharian ng Diyos ang isang mayaman.” (Lucas 18:22-25)

## Natapos na Aralin at Praktikal na Gawain

---

(Petsa) (Pirma ng Trainer)

¶ Nagtanong ang mga taong nakarinig nito, “Kung gayon, sino ang maliligtas?” (Lucas 18:26)

¶ “Ang mga bagay na hindi kayang gawin ng tao ay kayang gawin ng Diyos,” tugon ni Jesus. Sinabi naman si Pedro, “Tingnan po ninyo, iniwan na namin ang aming tahanan at sumunod sa inyo.” Sinabi sa kanila ni Jesus, “Tandaan ninyo: kapag iniwan ninuman ang kanyang tahanan, asawa, mga kapatid, mga magulang, o mga anak alang-alang sa kaharian ng Diyos, tatanggap siya ng higit pa sa panahong ito. At sa panahong darating, tatanggap pa siya ng buhay na walang hanggan.” (Lucas 18:27-30)

Bakit tinawag ni Cristo ang mayaman na “hangal”?

---

Ano ang mas minahal ng pinuno na mas higit pa kay Jesus?

---

Bakit mahirap makapasok ang mayaman sa langit?

---

Maari bang mailagay ka ng iyong kayamanan sa kapamahakan dahil sa pagtanggi kay Cristo?

---

Ang paghangad sa maraming bagay ay maaaring maging dahilan para makaligtaan natin si Jesus. Itinuro ni apostol Pablo na magbigay tayo, hindi dahil sa kailangan nating magbigay, kundi dahil sa gusto nating magbigay. Mahal ng Diyos ang nagbibigay nang may galak. Pinagpapala Niya ang mapagbigay. (2 Corinto 9:6-9)

Masaya ka bang nagbibigay? Pakisulat ang iyong plano sa ibaba:

---

❑ Naupo si Jesus sa tapat ng hulugan ng mga kaloob sa Templo, at pinagmasdan ang mga naghuhulog ng salapi. Napansin niyang maraming mayayaman ang

naghuhulog ng malalaking halaga. Lumapit naman ang isang biyudang dukha at naghulog ng dalawang salaping tanso. Tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, "Sinasabi ko sa inyo, ang inihandog ng biyudang iyon ay higit na marami kaysa sa inihulog nilang lahat. Sapagkat ang lahat ay nagkaloob ng bahagi lamang ng kanilang kayamanan, ngunit ang ibinigay ng babaing iyon, bagama't siya'y dukha, ay ang buo niyang ikinabuhay." (Marcos 12:41-44)

Sinusukat ni Jesus ang ating mga handog ayon sa kung ano ang natira sa atin pagkatapos nating magbigay.

Markahan ang tamang sagot. Pagpapalain tayo ng Diyos kung:

- Ibinibigay natin kung ano na lamang ang natira sa atin.
- May galak tayong nagbibigay dahil mahal natin Siya.

## Isaulo

❑ Magbigay kayo at kayo'y bibigyan din; hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo." (Lucas 6:38)

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.




Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007gTGL04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo

## Aralin 7



**Magdisipulo para kay Jesu-Cristo**

Sumakay siya sa isa sa mga ito na pag-aari ni Simon. Hiniling niya rito na ilayo ng kaunti ang bangka mula sa baybayin. Naupo siya sa bangka at nangaral sa mga tao. Pagkatapos niyang mangaral, sinabi niya kay Simon, "Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli." (Lucas 5:3-4)

Sumagot si Simon, "Guro, magdamag po kaming nagpagod ngunit wala kaming nahuli! Ngunit dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat." Ganoon nga ang ginawa nila, at nakahuli sila ng maraming isda, kaya't halos mapunit ang kanilang mga lambat. Kinawayan nila ang kanilang mga kasamahanang NASA kabilang bangka upang magpatulong. Lumapit naman ang mga ito at napuno nila ang dalawang bangka, anupa't halos lumubog ang mga ito. (Lucas 5:5-7)

Nang makita iyon ni Simon Pedro, siya'y lumuhod sa harap ni Jesus at sinabi, "Lumayo kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako'y isang makasalanan." Nanggilalas siya at ang kanyang mga kasama dahil sa dami ng kanilang huli, gayundin sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo at mga kasosyo ni Simon. Sinabi ni Jesus kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayo'y mga tao na, sa halip na mga isda, ang iyong huhulihin." Nang maitabi na nila ang mga bangka sa pampang, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus. (Lucas 5:8-11)

Pagkatapos nito, umakyat si Jesus sa bundok at tinawag ang mga taong pinili niya, at lumapit sila sa kanya. Pumili siya ng labindalawa [na tinawag niyang mga apostol]. Hinirang niya ang mga ito upang makasama niya at isugo upang mangaral. Sila ay binigyan din niya ng kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo. [Ito ang labindalawang hinirang niya:] si Simon, na pinangalan niyang Pedro; ang magkapatid na sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedeo (sila'y tinawag niyang Boanerges, na ang kahulugan ay "mga anak ng kulog"); sina Andres, Felipe, Bartolome, Mateo, Tomas, Santiago na anak ni Alfeo, si Tadeo,

## Mga Talâ

## Mga Talâ

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

si Simon na Makabayan, at si Judas Iscariote na siyang nagkanulo kay Jesus.  
(Marcos 3:13-19)

॥ “Isang bagong utes ang ibinibigay ko sa inyo ngayon: magmahalan kayo! Kung paano ko kayo minahal, gayundin naman, magmahalan kayo. Kung kayo'y may pagmamahal sa isa't isa, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko.” (Juan 13:34-35)

## Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay

॥ Pumunta ang labing-isang alagad sa Galilea, sa bundok na sinabi sa kanila ni Jesus. Nang makita nila si Jesus, siya'y sinamba nila, subalit may ilan sa kanilang nag-alinlangan. Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon.” (Mateo 28:16-20)

Bakit lumuhod si Pedro sa harapan ng Panginoong Jesu-Cristo?

---

Simula noon, ano na ang huhulihin ni Pedro sa halip na mga isda?

---

Iniutos ng Panginoong Jesu-Cristo sa kanyang mga alagad na sumunod sila sa kanya anuman ang mangyari, sundin ang lahat ng kanyang utos, at mahalin ang bawat isa.

Sino ang tutulungan mo para maging masunurin na alagad ni Cristo? Sumulat ng dalawa o tatlong pangalan ng kamag-anak o kaibigan na tutulungan mo.

---

Gumawa ng plano kasama ang iyong T&M trainer para maghayag ng Magandang Balita at magdisipulo sa kanila.

## Isaulo

 At sinabi ni Jesus sa kanila, “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral Magandang Balita sa lahat ng tao.” (Marcos 16:15)

Kung ikaw ay magpapatotoo sa iba, sabihin ang tatlong bahagi ng Ebanghelyo.

1. Ang buhay ng Panginoong Jesu-Cristo, ang kanyang mga milagro at ang kanyang mga katuruan.
2. Kung paano namatay si Jesus para sa ating mga kasalanan at siya ay nabuhay na muli para tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

3. Na ang mga tao ay dapat magsisi at maniwala sa Panginoong Jesu-Cristo para sila ay patawarin ng Diyos at ipagkaloob sa kanila ang Banal na Espiritu.

## Praktikal na Gawain

- Gamit ang larawan, sabihin sa iyong pamilya at mga kaibigan kung paano tinawag ni Jesu-Cristo ang kanyang mga alagad.
- Magpatotoo sa iyong mga kaibigan at tulungan ang mga bagong mananampalataya kay Cristo na sumunod sa lahat ng kanyang mga pinag-uutos.

## Aralin at Praktikal na Gawaing Natapos na

---

(Petsa)

---

(Pirma ng Trainer)


Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.



Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

007TTGL04F01v041\_T137\_M

# Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo



## Mga Instruksyon

Train & Multiply

## Mga Mungkahi para sa Araling Ito

Basahin ang aralin na ito kasama ang mga taong nagsisi na sa kanilang mga kasalanan at nagsimula nang magtiwala at sumunod kay Jesus. Kung merong isa sa grupo na gustong bumasa, hayaan siyang basahin ang kwento. Kung walang gustong bumasa, ikaw na ang bumasa at itanong ito:

**Ano ang nagustuhan mo sa kwentong ito mula sa Bibliya?**

Pakinggan ang sagot nila sa mga tanong. Igalang ang kanilang mga sagot at pasalamatang lahat ng sumagot. Pagkatapos mapakinggan ang mga sagot, maaaring magbahagi ka rin kung ano ang nagustuhan mo sa kwento. Itanong ang susunod na tanong:

**Ano ang hindi mo nagustuhan sa kwento?**

Pakinggan nang mabuti ang kanilang mga sagot at kung ano ang ayaw nila sa kwento. Igalang ang kanilang mga sagot at pasalamatang lahat ng sumagot. Pagkatapos, basahin ulit ang kwento at itanong ang susunod na tanong:

**Ano ang itinuturo ng kwentong ito tungkol sa tao?**

Pagkatapos pakinggan ang sagot ng grupo, maaari kang magdagdag ng iyong maikling kasagutan. Pero huwag ikaw ang laging magsasalita sa pag-aaral. At itanong ang susunod na tanong:

**Ano ang itinuturo ng kwentong ito tungkol sa Diyos?**

## Information Sheet para sa Trainer

Trainer \_\_\_\_\_

Church o Grupo \_\_\_\_\_

Sa mga sumusunod na listahan, isulat ang mga pangalan ng iyong mga mag-aaral. Bilugan ang bilang ng aralin kung naibigay mo na ito sa isang mag-aaral; lagyan ng ekis ang mga praktikal na gawain na natapos na.

### Mga Mag-aaral

Juan Dela Cruz

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

### Mga Aralin

(3) 4 5 6 7

1 2 3 4 5 6 7

1 2 3 4 5 6 7

1 2 3 4 5 6 7

1 2 3 4 5 6 7

1 2 3 4 5 6 7

6. Ang isang biyudang dukha na naghulog ng dalawang salaping tanso (Marcos 12:41-44).
7. Hinihila sa isang bangka ang mga nalambat na isda (Lucas 5:6).

Sa pagtatapos ng bawat pag-aaral makikita mo ang mga salitang ito:

## Natapos na Aralin at Praktikal na Gawain

---

(Petsa) \_\_\_\_\_ (Pirma ng Trainer)

Lagdaan at lagyan ng petsa pagkatapos mapatunayan na ang mag-aaral ay:

Nasagutan nila ng tama ang mga tanong.

Naisaulo nila ang memory verse.

Nagawa nila ang praktikal na gawain na:

- Sumunod sa kautusan.
- Nakapagkuwento na sa kanilang pamilya gamit ang mga larawan.

Huweg lagdaan hanggang hindi pa nila nagagawa ang praktikal gawain.

Makinig ng mabuti sa bawat sagot. Pasalamatnila at igalang ang mga sagot nila. Pagkatapos mapakinggan ang lahat, maaari kang magbigay ng sarili mong sagot.

Hilingin na isalaysay nila ang kuwento sa sarili nilang pang-unawa, nang hindi ito binabasa. Sabihin sa kanila na, “Tutulungan namin kayo kung mayroon kayong makalimutan.” Makakatulong upang maalala nang husto ang kwento sa Bibliya kung isasalaysay ito. Sa ganitong paraan, maririnig ng lahat ang kwento nang tatlong beses. Tiyak na marami sa kanila ang makakapagsalaysay din ng kwento sa kanilang pamilya o mga kaibigan.

 *Kaya't ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig, at ang pakikinig naman ay bunga ng pangangaral tungkol kay Cristo. (Roma 10:17)*

Itanong ang mga nakasulat sa aralin na “Sumunod sa Panginoong Jesu-Cristo”. Kung ang grupo ay marunong magsulat, isulat nila ang kanilang sagot sa mga tanong. Kung mayroong hindi marunong magsulat, tulungan silang maisulat ang kanilang mga sagot sa booklet, maaaring humingi ng tulong sa grupo.

Siguraduhin na makabisado ang memory verse kasama ang grupo. Tanungin kung gagawin nila ang praktikal na gawain. Sabihin sa kanila sa maayos na paraan na kung hindi nila gagawin ang praktikal na gawain, hindi magiging kapaki-pakinabang ang napag-aran nila. Ipaalam sa kanila na ipagpapatuloy ninyo ang pag-aaral kapag nagawa na ang praktikal na gawain.

## Pitong Pangunahing Utos ni Jesus

- Magsisi at maniwala ka, at matatanggap mo ang Banal na Espiritu. Makakatulong ang pagsunod sa utos na ito para mas lalo mong makilala si Jesus at kung ano ang ginawa niya para sa iyo. (Marcos 1:15)
- Magbautismo ng mga bagong mananampalataya. Makatutulong ang bautismo upang mamuhay nang may pagbabago ang mga bagong mananampalataya kasama si Jesus. Makatutulong din ito para makilala nila ang Banal na Espiritu at kung ano ang magagawa niya sa buhay nila. (Mateo 28:19)
- Mahalin ang Diyos, kapwa mananampalataya, kapamilya, kapitbahay at maging ang mga kaaway. Makatutulong ang pagsunod sa utos na ito upang magkaroon ka ng ministry na nagpapakita ng pag-ibig. (Mateo 22:37-39)
- Laging makibahagi sa Banal na Hapunan. Ang pagsunod sa kautusan na ito ay makatutulong para mapanatili ang pagiging malapit kay Cristo at makibahagi kasama ang ibang mananampalataya. (Lucas 22:17-20)
- Manalangin at magbulay-bulay sa Salita ng Diyos araw-araw. Magtiwala sa Salita ng Diyos at sundin ang nakasaad dito. Makatutulong ito para ikaw ay mapalapit sa Kataas-taasang Diyos sa pangalan ni Jesus. (Mateo 4:4, 6:5-13)

- Magbigay ng ikapu mula sa iyong ari-arian, oras, at talento. Makatutulong ang pagsunod sa kautusang ito para ikaw ay maging tapat at masigasig na katiwala sa lahat ng ibinigay ng Diyos sa iyo. (Mateo 6:19-20)
- Mangalaga ng mga mananampalataya. Ipatotoo si Cristo at turuan ang iba na sumunod sa Panginoon sa pamamagitan ng iyong mga pananalita at gawa. (Mateo 28:18-20)

Ang mga larawan ay nagbibigay ng interes at hamon. Hayaan ang iyong mag-aaral na magbigay ng kanyang mga opinyon sa kahulugan ng bawat larawan bago umpisahan ang aralin.

### Deskripsiyon ng Larawan sa mga Aralin

1. Nagsisi at nanalangin ang alibughang anak (Lucas 15).
2. Binautismuhan ni Juan Bautista si Jesus (Mateo 2).
3. Tinulungan ng mabuting Samaritano ang sugatang manlalakbay (Lucas 10).
4. Mga mananampalatayang nakikibahagi sa Banal na Hapunan (1 Corinto 11).
5. Isang relihiyosong Pariseo na pinuri ang kanyang sarili sa sariling panalangin (Lucas 18).

Ang Train & Multiply ay isa sa mga nauna sa pagpapaunlad ng pagdidisipulo na pinapahalagahan ang pagsunod (obedience-based). Ito ay nakakatulong sa mga church planter at trainer na magsanay ng mga bagong henerasyon ng mga lider na magpaparami ng mga church. Ang T&M ay nagbibigay ng praktikal at biblikal na aralin na magagamit agad sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, pagsisimula ng mga church (church planting), pagpapalago ng healthy na mga church at leadership training. May Student Activity Guide ang T&M na may menu na makakatulong sa mga trainer sa pagsasanay ng church planter kung ano ang kanilang kailangan sa panahong kailangan nila ito. Nakakatulong ang T&M sa pagsasanay ng mga nasa ministry na o sa magsisimula pa lang ng bagong ministry. Sa tulong ng panalangin at pananampalataya, nakikita ng libu-libong mga ordinaryong mananampalataya sa buong mundo na natutulungan sila ng T&M para maisakatuparan ang Great Commission.




Copyright © 2020 One Mission Society  
All rights reserved  
[contact@trainandmultiply.com](mailto:contact@trainandmultiply.com)  
<https://www.trainandmultiply.com>

013\_TGL04F01v041\_T135\_M

# Paano Manalangin

## Pastoral Worker Training Booklet



Hilingin sa Diyos na gamitin ang pag-aaral na ito upang ikaw at ang iyong grupo ay matuto na manalangin nang mas mabuti.

## Ang Pananalangin Ay Isang Pribilehiyo

Sa pamamagitan ng sakripisyo ni Cristo ay makakalapit tayo sa trono ng Makapangyarihang Diyos



Pagkatapos magkasala sina Adan at Eba, iningatan ng mga anghel ang daan patungo sa puno ng buhay at walang makasalanang maaaring lumapit sa Diyos (Genesis 3:24).

### Mga T&M Booklet

- 25 Manalangin nang May Kapangyarihan ni Cristo
- 28 Humanap ng mga Person of Peace

### Mga Talâ

---

---

---

---

---

---

---

---

## Student Activity Guide

### A2 Magtagumpay sa panalangin.

#### Mga Pagpipiliang Praktikal na Gawain


- Gawing kasanayan ang panalangin araw-araw, at ang pag-aaral, at pagsunod sa Salita ng Diyos.
- Ipanalangin ang pagbabago ng mga tao at pagkalat ng Ebanghelyo..
- Simulan ang pagtatala ng mga prayer request at mga sagot sa panalangin.
- Turuan ang iba kung paano manalangin at mag-ayuno kung kinakailangan.
- Ipanalangin ang mga maysakit at mga sinapian ng demonyo (Tingnan sa A5).  
Ipanalangin ang mga pangangailangan ng mga bagong kakilala.

#### Mga Pagpipiliang Aralin


##### Babasahin sa Bibliya

- Hanapin sa Awit 100 kung paano dapat tayo humarap sa Diyos.
- Hanapin sa 2 Cronica 2:6-12 kung anong lider ang dapat hanapin ng mga anak ng Diyos.
- Hanapin sa Mateo 9:37-38; Efeso 6:18-20; and 2 Tesalonica 3:1-2 kung paano tayo dapat manalangin para sa paglawak ng Ebanghelyo sa buong mundo.
- Hanapin sa Mateo 26:36-44 kung paanong sa panalangin ay nagpasakop si Jesus sa kalooban ng Diyos.
- Hanapin sa Genesis 18:16-33 kung paano nagtagumpay si Abraham sa panalangin.
- Hanapin sa Lucas 18:1-8 kung paano tinugon ang panalangin ng isang balo.

Inilalayo ng kasalanan ang tao mula sa Kabanal-banalang Diyos. Ang mga panalangin natin ay hindi makalalagpas sa hadlang nang walang tagapamagitan (Isaias 59:2).



Ngunit si Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, ay nagbubukas ng daan (1 Timoteo 2:5).



Lumalapit tayo sa Hari ng mga Hari sa panalangin. Inalis ni Jesu-Cristo ang ating mga pagkakasala at mga kasalanan, at nakalalapit tayo sa Ama sa pamamagitan niya.

Sinasabi ng Bibliya,  *Kaya nga mga kapatid, tayo'y malaya nang makakapasok sa Dakong Kabanal-banalan dahil sa dugo ni Jesus. Binuksan niya para sa atin ang isang bago at buhay na daang naglalagos hanggang sa kabilang tabing, at ang tabing na ito'y ang kanyang katawan. Tayo ay may isang Pinakapunong Pari na namamahala sa sambahayan ng Diyos. Kaya't lumapit tayo sa Diyos nang may pusong tapat at may matibay na pananampalataya sa kanya. Lumapit tayong may malinis na budhi sapagkat nilinis na ang ating mga puso at hinugasan na ng dalisay na tubig ang ating mga katawan.* (Hebreo 10:19-22)

Ito ang dahilan kung bakit tayo nananalangin sa pangalan ni Jesu-Cristo.

 *Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus. Inihandog niya ang kanyang buhay upang tubusin ang lahat mula sa kasalanan. Ang katotohanang ito ay pinatunayan sa takdang panahon.*  
(1Timoteo 2:5-6)

Ano ang humahadlang sa isang hindi naniniwala, hindi nagsising mga tao sa paglapit sa Diyos?

---

---

Isulat ang ilan sa mga bagay na hinihingi mo sa Diyos ngayon.

---

---

Pagkatapos ng anim na buwan, basahin muli ang listahang ito. Matutuwa ka na makita kung paano sinagot ng Diyos ang iyong mga panalangin.

## Praktikal na Gawain

- Manalangin araw-araw, sa mabuting panahon, sinusunod ang halimbawa ng ating Panginoong Jesus na ibinigay niya sa atin sa Mateo 6:5-13.
- Turuan ang mga mananampalataya sa inyong simbahan na manalangin araw-araw ayon sa modelo ng Panalangin ng Panginoon sa Mateo 6:9-13. Manalangin na kasama sila upang matulungan sila. Kung may hindi marunong manalangin, puwede nilang ultiin ang mga talata pagkatapos mo itong sabihin.
- Isaulo:  *Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan.* (Juan 16:24)
- Panatilihing alam ng mga kapatiran ang sagot ng Diyos sa panalangin upang magkaroon sila ng lakas ng loob na mamamagitan sa panalangin.

# Buod na Pagsasanay

1. Nananalangin ka ba araw-araw sa pangalan ng Panginoong Jesu Cristo?  
 Oo.  
 Hindi, ngunit magsisimula na akong gawin ito. Hihilingin ko sa Diyos na ilagay ang hangarin sa aking puso.
  
2. Nananalangin ka ba sa mga namumuno sa iyong bansa?  
 Oo.  
 Hindi, ngunit sa tulong ng Diyos ako ay magsisimula na.
  
3. Nananalangin ka ba sa mga hindi pa nakakakilala sa Diyos?  
 Oo.  
 Hindi, ngunit magsisimula na ako.
  
4. Pinupuri mo ba ang Diyos sa iyong panalangin?  
 Oo  
 Hindi, ngunit magsisimula na ako.
  
5. Nagpapasalamat ka ba sa Diyos sa iyong mga pang-araw-araw na pangangailangan at iba pang pagpapala?  
 Oo.  
 Hindi, ngunit magsisimula na ako.



Sino ang tanging tagapamagitan sa Diyos at mga makasalanang tao?

---

Ano ang ginawa ng ating Panginoong Jesu-Cristo upang tayong mga tao ay makalapit sa Diyos sa pamamagitan niya?

---

Bakit hindi nananalangin sa mga santo o sa mga espiritu ang mga mananampalataya?

---

Nananalangin tayo sa Ama (Mateo 6:6-9) sa ngalan ng Anak (Juan 14:13, 20:31) sa tulong ng Banal na Espiritu (Roma 8:26-27). Si Jesu-Cristo ang tanging tagapamagitan. Hindi tayo pinahihintulutan ng Diyos na makipag-usap sa mga namayapa na (Deuteronomio 18:11).



## Ang Pananalangin ay Utos ni Cristo

Ang mga mananampalatayang nagmamahal sa Diyos ay nagnanais na makipag-usap sa Kanya. Kapag nagmamahalan ang mga tao, nais nilang makipag-usap sa isa't isa. Nagagawa ng pananalangin na mamuhay kay Cristo ang mga mananampalataya.

 *Magbantay at manalangin...*  
*(Marcos 14:38)*



Ito ay mahalaga:

Ang malaman kung paano manalangin ay hindi sapat; kailangan mong manalangin. Nais ni Jesu-Cristo na lagi kang manalangin. Ayon sa kanya, "Manalangin," at dapat mo itong gawin bilang pagsunod.

Isabuhay mo ang salitang ito (Santiago 1:22). Pinakamahalaga ang pananalangin. Maraming dakilang gagawin ang Diyos bilang sagot sa iyong mga pananalangin. Gawing isang pang-araw-araw na gawain ang pananalangin.

Bilang pagbabalik-aran na aralin na ito, basahin at magbulay-bulay sa Mateo 6:5-15.

- Markahan ang kahon kapag natapos ka na.

## Iba Pang Halimbawa ng Biblikal na Panalangin

- Awit 8,31,51, 84, at 139
- Daniel 9:1-19
- Mateo 26:36-42; Juan 17 (Ang mga Panalangin ni Jesus.)
- Gawa 4:23-31 (Ang pananalangin ng mga alagad.)
- Pahayag 5 (Mga panalangin sa langit.)

Ang mga tao ay madaling mabaling ang pansiñ sa iba. Kung ikaw ay nagagambala, magtuon sa Diyos. Disiplinahin ang iyong sarili na isipin ang mga “bagay sa itaas” (Colosas 3:1-20).

## Ang Panalangin ay Malapit at Personal

Kung ikaw ay nananalangin, alalahanin na ang Diyos ay kasama mo. Hindi mo Siya nakikita, ngunit makakatiyak ka na kasama mo Siya. Kapag naalala mo na Siya ay nakikinig, mas madali na manalangin.



Inaanyayahan ka ni Jesu-Cristo na manalangin. Nais ng Diyos na makipag-ugnayan sa iyo. Mahalaga ang iyong mga panalangin sa Kanya.

Nais Niya na sambahin mo Siya sa espiritu at katotohanan. Kaya nga, hanapin mo Siya, magutom at mauhaw para sa Kanya nang may tunay na hangarin na makilala Siya at mas lalong ibigin Siya. Gagantimpalaan ka Niya ng Kanyang presensiya.

Turuan ang mga bagong mananampalataya na manalangin. Nagawa mo na ba?

- Oo.
- Hindi, ngunit sisimulan ko na ngayon.

Naglalaan ng oras sa pananalanging mag-isa araw-araw ang mga masunuring mananampalataya. Iniuutos ng Panginoon sa mga mananampalataya na:

¶ “*Kapag nananalangin kayo, huwag kayong tumulad sa mga mapagkunwari. Mahilig silang manalanging nakatayo sa mga sinagoga at sa mga kanto upang makita ng mga tao. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Ngunit kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto. Saka ka manalangin sa iyong Ama na hindi mo nakikita, at ang iyong Ama na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay sa iyo ng gantimpala.*” (Mateo 6:5-6)




Markahan ang tamang sagot sa mga sumusunod na tanong:

Bakit nananalangin ang mga mananampalataya?


- Upang hangaan tayo ng mga tao.
- Upang marinig tayo ng mga tao.
- Upang mag-isang makipag-usap sa Diyos.

Ang mga mapagkunwari ay nananalangin upang makita sila ng mga tao at sabihin kung gaano sila karelihiyoso. Ang mga pagano, gamit ang maraming salita, ay paulit-ulit sa pagsasabi ng mga bagay upang ang kanilang mga diyos na bingi ay pakinggan sila. Huwag silang tularan (Mateo 6:5-8).



Kailan tayo dapat manalangin?

Manalangin araw-araw at sa bawat pagkakataong maaari.



Sa kinaumaghan, O Yahweh, tinig ko'y iyong dinggin, at sa pagsikat ng araw, tugon mo'y hihintayin. (Awit 5:3)

Kung nagkasala ka, ipagtapat agad sa oras na mapagtanto mo ang nagawa mong mali. Kapag ipinagtapat mo ang iyong mga pagkakasala at nagsisisi nang lubusan, patatawarin ka ng Diyos (1 Juan 1:9).

## Ang Panalangin ay Mapagpakumbaba at Simple

Manalangin nang may pagpapakumbaba tulad ng isang masunuring bata. Huwag sabihin sa Diyos kung paano Niya sasagutin ang iyong panalangin. Hayaan ang sagot sa Kanya.

Ang sagot ay maaring hindi mo inaasahan o hindi agad na darating. Ang Diyos ang iyong Tagapaglikha, at mas alam Niya kaysa sa iyo ang iyong kalagayan. Sasagot Siya sa pinakamabuting paraan.

Kung hindi agad sinasagot ang iyong partikular na kahilingan, ngunit naniniwala ka na ito ang Kanyang kalooban, patuloy na matiyagang manalangin. Iniutos ni Jesu-Cristo na magtiyaga sa panalangin (Lucas 18:1-8). Maaaring sagutin ng Diyos ang iyong dasal sa susunod, o maaaring bigyan ka Niya nang mas mabuti pa. Kung hindi, ang iyong hiniling ay hindi ayon sa Kanyang kalooban. Hindi na tayo dapat na magpatuloy pa kung ipinakita na ng Panginoon na hindi Niya ito kalooban para sa atin.

Huwag umasa na makakaramdam ng anumang espesyal ika'y nananalangin. Ang panalangin ay nangangailangan ng pananampalataya. Magtiwala sa Diyos at maniwala na ikaw ay Kanyang naririnig.

## Sinasagot ng Diyos ang iyong mga Panalangin Kung Ikaw ay Susuko sa Kanya

Kung ikaw ay maging katulad ng isang mapagkumbabang bata sa harap ng Diyos, nananabik na sundin Siya, sinasagot Niya ang iyong mga panalangin (Juan 15:7; 1 Juan 3:21-22). Nais Niya na sundin mo ang sinasabi ng Bibliya. Anumang pagsuway sa Kanya ay magiging balakid upang masagot ang iyong panalangin (1 Pedro 3:12).

Binabanggit ng Bibliya ang limang bagay na maaaring hadlang sa iyong mga panalangin na hindi ito masagot:

- Hindi nagnanais na patawarin ang isang tao o hindi naghahangad ng pagkakasundo, kahit alam mo sa iyong puso na nais ng Diyos na ikaw ay maging tagapamayapa (Mateo 5:23-24; Marcos 11:25).
- Paghingi sa Diyos ng isang bagay na may pagmamalaki o pagkamakasarili (Santiago 4:3; 1 Juan 5:14-15).
- Paghingi nang walang pananampalataya, kawalang pananampalataya sa Diyos, o nag-aalinlangan (Marcos 11:23-24; Santiago 1:6-7).
- Kawalan ng konsiderasyon at paggalang sa iyong asawa (1 Pedro 3:7).
- Hindi maayos na pamumuhay kasama ang iyong kapwa (Mateo 5:23-24).


Markahan ang iyong sagot sa sumusunod na tanong:

Kailan ka karaniwang nagkakaroon ng pinakamahabang oras sa pribadong panalangin?

- Sa umaga.
- Sa hapon.
- Sa gabi o bago matulog.

Magpasalamat din bago kumain.

Hindi ko matutunan ang panalangin sa puso.



Hindi mo kailangang ulitin ang parehong panalangin. Manalangin gamit ang iyong sariling salita. Ipinagbawal ni Jesus ang mga walang saysay na pag-uulit-ulit. Ang mga hindi mananampalataya ay nananalangin nang paulit-ulit. Akala nila ay maririnig sila dahil sa maraming salita at mga sinaulong talata.

Markahan ang tamang sagot:

Dapat tayong manalangin sa pamamagitan ng pagsasalita:

- Nang ating mga sariling salita.
- Nang mga sinaulong panalangin lamang.

Pinakamabuting manalangin sa kung paano nakikipag-usap ang isang bata sa kanyang mga magulang.

Ang mga mananampalataya ay dapat na manalangin araw-araw kasama ang kanilang pamilya. Turuan ang inyong mga anak na manalangin. Bakit ninyo kailangang turuan sa ganitong paraan ang inyong mga anak?

---

---

- Kaya mong  *manalangin sa Espiritu sa lahat ng okasyon. (Efeso 6:18)*  
Nais ng Panginoon na makipag-ugnayan ka sa kanya araw-araw. Kahit na abala ang iyong mga kamay, ang iyong isipan at puso ay kayang manalangin sa Diyos. Subukan mong gawin ito at ikaw ay masisiyahan sa resulta!

 *Maging matiyaga kayo sa pananalangin, laging handa at nagpapasalamat sa Diyos. (Colosas 4:2)*

Ano ang iyong babaguhin sa iyong ginagawa sa panalangin?

---

---


---

## Ang Panalangin ay Maraming Layunin

Ang “Panalangin ng Panginoon” ay ang modelo ng panalangin ng mga mananampalataya (Mateo 6:9-13). Ipinakita ng Panginoong Jesus sa mga mananampalataya kung ano ang isasama sa panalangin.

### Upang purihin ang Diyos.

 *Ama naming Ama sa Langit, sambahin nawa ang iyong pangalan.*  
(Mateo 6:9) Pumapasok tayo sa presensiya ng Diyos nang may papuri, nagpapasalamat sa Diyos.



mananampalataya na isuko ang ibang mga bagay tulad ng kaaliwan, isang libangan, o maging pagtulog, upang manalangin at magnilay sa Diyos at sa Kanyang kalooban.

## Mga Panalangin sa Ibang Mga Okasyon

- Ang mga mananampalataya ay nagpapasalamat bago at pagkatapos kumain.
- Manalangin kasama ang iyong pamilya. Magkita isang beses isang araw upang manalangin. Kasabay nito, maaari kayong umawit ng papuri sa Diyos at magbasa mula sa Bibliya.
- Ang mga nasambit na panalangin sa pagkain at kasama ang pamilya ay dapat na maging mas simple at mas maikli kaysa sa sarili mong panalangin sa umaga. Huwag mong pagurin ang inyong mga anak.
- Tayo ay nananalangin kung tayo ay umaalis kasama ang ibang mga tagasunod ni Cristo upang maging saksi tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo.
- Kung ikaw ay lalabas upang mag-ebanghelyo at ang iyong kasama ay nakikipag-usap sa tao, manalangin nang tahimik.

 *Huwag kayong maglalasing, sapagkat sisirain lamang niyan ang inyong buhay. Sa halip ay dapat kayong mapusos ng Espiritu. Sa inyong pag-uusap gumamit kayo ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal; buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon. Lagi kayong magpasalamat sa Diyos na ating Ama dahil sa lahat ng bagay, sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.*  
*(Efeso 5:18-20)*




Pinuri ni Maria, ang ina ni Jesu-Cristo, ang Diyos sa ganitong mga salita:

 *At sinabi ni Maria, "Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon at ang aking espiritu'y nagagalak sa Diyos na aking Tagapagligtas, sapagkat nilingap niya akong kanyang abang alipin! Mula ngayon, ang lahat ng tao'y tatawagin akong pinagpala; dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan. Banal ang kanyang pangalan! Ang kanyang kahabagan ay para sa lahat ng salinlahing may takot sa kanya."*  
*(Lucas 1:46-50)*



## Upang mapalawig ang paghahari ng Diyos sa daigdig.

॥ Dumating nawa ang iyong kaharian. Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. (Mateo 6:10)



॥ Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan, panalangin, pagsamo, at pasasalamat para sa lahat ng tao. Idalangin rin ninyo ang mga hari at maykapangyarihan, upang tayo'y makapamuhay nang matahimik, mapayapa, maka-Diyos at marangal. Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas. Ibig niyang ang lahat ng tao ay maligtas at makaalam ng katotohanang ito. (1 Timoteo 2:1-4)

## Maaari Tayong Mag-aayuno at Manalangin

Hindi iniuutos ng Bagong Tipan ang pag-aayuno at ang buong gabing pagpupuyat para manalangin. Ngunit sa panahon ng Bagong Tipan, ang pag-aayuno ay isang normal na gawain ng mga mananampalataya. Si Jesucristo mismo ay nagsagawa ng buong gabing pananalangin kahit na isang beses lang (Lucas 6:12). Ang Panginoon ay nag-aayuno din bago nagsimula sa kanyang ministeryo (Mateo 4:1-2).

Kung ikaw ay mag-aayuno o nanalangin buong gabi, huwag mo itong sabihin sa iba na ginagawa mo ito! Ito ay isang pagkukunwari.

Sinabi ng Panginoong Jesus, ॥ “Sa halip, kapag nag-aayuno ka, maghilamos ka, lagyan mo ng langis at ayusin mo ang iyong buhok upang huwag mapansin ng mga tao na ikaw ay nag-aayuno. Ang iyong Ama na hindi mo nakikita ang tanging makakaalam nito. Siya, na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim, ang siyang magbibigay ng gantimpala sa iyo.” (Mateo 6:17-18)

### Tungkol sa pag-aayuno:

Ang pag-aayuno ay ang hindi pagkain. Kahit hindi iniuutos ng Bagong Tipan ang pag-aayuno, si Jesus at ang mga alagad ay nanalangin nang may pag-aayuno upang makapaghanda sa mga seryosong gawain (Mateo 4:1-11; Gawa 13:1-3). Sinaway ni Jesus ang mga Pariseo sa pag-aayuno nila para lang magmukhang banal. Ang mga Hindu at mga Muslim ay nag-aayuno bilang isang ritwal upang magkaroon ng pagkilala. Alam ni Jesus na ang kanyang mga tagasunod ay nag-aayuno (Mateo 6:16-18). Nakakatulong sa ibang

## Maaari Tayong Makipag-usap sa Diyos

Nangungusap ang Diyos sa iyo sa pamamagitan ng Bibliya. Ang Bibliya ay sapat para sa lahat ng makadiyos na katuruan (2 Timoteo 3:16-17). Hindi ka dapat magdagdag ng kahit na ano sa Salita ng Diyos (Pahayag 22:18-19).

Kayang magsalita ng Diyos sa pamamagitan ng mga panaginip, mga propesiya, at direkta sa iyong isipan. Gayunpaman, ang Kanyang sinasabi ay umaayon sa sinasabi ng Bibliya. Hindi sinasalungat ng Diyos ang Kanyang sarili.

Kapag natapos ka ng makipag-usap sa Diyos, manatili sa saloobin ng panalangin nang mas matagal pa. Ituon ang iyong isipan sa Kanya.

Magbulay-bulay ukol sa Kanya at sa sinasabi Niya sa Bibliya. At makikipag-usap Siya sa iyo. Makinig sa Kanya. Maaari Niyang ipaalala sa iyo ang tungkol sa mga bagay sa buhay mo na hindi nakalugod sa Kanya. Maaaring ibigay sa iyo ng Diyos ang mas malinaw na kaalaman ukol sa kalooban Niya para sa iyo, paano mo Siya pinakamabuting mapaglilingkuran, kanino ka maaaring maging saksi, at maaaring ipakita Niya sa iyo ang pangangailangan ng iba at kung paano mo sila matutulungan.

Kadalasang maririnig mo ang Diyos sa iyong puso, hindi sa iyong tainga.

Markahan ang tamang sagot sa sumusunod na tanong:

Alin ang mas mapatkatiwalaan?

- Isang panaginip.
- Ang Salita ng Diyos.


Sa pamamagitan ng ating mga panalangin, pinalalawig ng Diyos ang Kanyang kaharian at tinutupad ang Kanyang kalooban sa daigdig. Kasama nito ang mga sumusunod na bagay:

Ang sarili nating buhay.  
Ang ating pamilya.  
Ang church at ang ministry nito.  
Ang pagpapabago ng mga naliligaw.  
Ang pagpapagaling sa mga maysakit.  
Ang iyong hanapbhay.  
Ang pamahalaan.

Isang napakalaking responsibilidad at oportunidad ang panalangin!

## Upang humingi ng ating pang-araw-araw na mga pangangailangan.

 *Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw-araw. (Mateo 6:11)*




 *Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Huminig kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan. (Juan 16:24)*

Palaging manalangin para sa tiyak na mga bagay. Ibibigay ng Diyos ang lahat ng ating mga pangangailangan at pasasaganahin pa tayo upang makatulong tayo sa iba.

Bakit ko aabalahin ang Diyos sa aking mga pangangailangan? Abala Siya sa mas malalaking mga bagay.

Inaalagaan Niya maging ang mga bulaklak at mga ibon. Interesado ang Diyos sa lahat ng iyong ginagawa.



Ang iba ay nanalangin nang nakaluhod, upang magpakumbaba (Lucas 22:41).



Ang iba ay nanalangin nang nakadapa upang magmakaawa sa Diyos tungkol sa mga mahalagang bagay (Bilang 20:6).



Anuman ang posisyon ng inyong katawan, titingnan ng Diyos ang saloobin ng iyong puso.

Markahan ang tamang sagot sa sumusunod na tanong:  
Alin ang mas mahalaga?

- Ang posisyon ng katawan.
- Isang mapagkumbabang puso.

## Maayos ang Pampublikong Panalangin

Ang mga bulaang propeta ni Baal ay sumigaw sa pagkalito (1 Hari 18:25-29).

Iniutos ng Diyos sa mga mananampalataya na manalangin sa publiko sa maayos na paraan (1 Corinto 14:14-17, 31-33,40).

inyong espirituwal na sandata ng Diyos bago kayo dumako sa inyong araw-araw na pakikipaglaban (Efeso 6:10-20).

## Tapusin ang inyong panalangin na nagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos.

Ibigay ang kaluwalhatian sa Diyos dahil Kanya ang tagumpay.

## Ang Panalangin ay Dapat na Taos-puso

 Patuloy na manalangin, (Tesalonica 5:17)

Panatilihin natin ang ating mga puso na palaging nananalangin. Ang posisyon ng ating katawan ay makapaghahayag ng nilalaman ng ating puso.


Maraming tao ang nananalangin nang nakapikit ang mga mata upang maiwasan ang pagkagambala at isipin lamang ang Diyos.

Sa Bibliya, ang ibang tao ay nananalangin nang payuko upang sambahin ang Diyos (Genesis 24:26).

Si Solomon ay nananalangin nang nakatayo ng kanyang ihandog ang templo (1 Hari 8:22-23).



Ngunit minsan, ang Diyos ay hindi sumasagot. Bakit hindi? May ginagawa ba akong mali?



Minsan ay tumutugon ang Diyos tulad ng Kanyang pagsagot kay Job, o tulad ng pagsagot Niya noong una kay Jesus sa Getsemani. Kahit wala tayong ginagawang mali, may sariling dahilan ang Diyos sa hindi pagbibigay ng lahat ng ating hinihingi. Minsan, tayo ay mali kung tayo ay humihingi ng isang bagay na may makasariling mga dahilan.

 At humingi man kayo, wala rin kayong natatanggap dahil hindi tama ang inyong layunin. Humihingi kayo upang mapagbigyan ang inyong kalayawan. (Santiago 4:3)

Hilingin sa Diyos na ibigay sa iyo ang sasakyang iyong kapwa.



Hindi. Hindi sinasagot ng Diyos ang mga makasarili o ganid na panalangin sa pagbibigay ng lahat ng hinihingi natin.

Humingi tayo nang may pagpapakumbaba ayon sa kalooban ng Diyos. Huwag nating utusan ang Diyos na gawin ang mga bagay. Siya ang nag-uutos sa atin. Halimbawa, sa hardin ng Getsemani ay nanalangin si Jesus:

“Ama ko, kung maaari po, ilayo ninyo sa akin ang kopang ito ng paghirap. Ngunit hindi po ang kalooban ko, kundi ang kalooban ninyo ang mangyari.”  
(Mateo 26:39)



Bakit hindi dapat ipagpilitan ng mga tao na humingi ng mga bagay sa Diyos?

---

---

## Upang humingi ng pagpapatawad, at magpatawad.

At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. (Mateo 6:12)

Subalit kung ipinapahayag natin mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid. Kung sinasabi nating hindi tayo nagkasala, ginagawa nating sinungaling ang Diyos, at wala sa atin ang kanyang salita.  
(1 Juan 1:9-10)



Humingi ng kapatawanan hindi lamang para sa iyong sariling kasalanan, kundi taos-pusong magpatawad sa mga nagkasala sa iyo at humingi ng kapatawanan para sa kanila. Minsan ang mga mananampalataya ay kailangang hilingin sa Diyos na palambutin ang kanilang puso upang mapatawad ang iba.

## Upang humingi ng espirituwal na proteksyon.

At huwag mo kaming hayaang matukso, kundi iligtas mo kami sa Masama.  
(Mateo 6:13)

Hingin sa Panginoon na tulungan kayo na huwag magkasala at protektahan kayo mula sa kaaway, si Satanas. Sa inyong panalangin, isuot ang

